Abiso sa Pagkapribado ng Johnson Controls

Ang Johnson Controls, Inc. at ang mga sangay at kaanib na kumpanya nito (sama-sama na kilala bilang Johnson Controls, kami, namin o amin) ay pinahahalagahan ang iyong pagkapribado at nakatuon sa pagprotekta ng iyong personal na impormasyon alinsunod sa mga makatarungang kasanayan sa impormasyon at naaangkop na batas sa pagkapribado ng data.

Bilang tanda ang aming patuon sa pagkapribado, pinagtibay namin ang isang pangkat ng Mga Patakaran ng Kumpanya na Mayroong Susunding Obligasyon (Binding Corporate Rules, mga "BCR"). Naglalaman ito ng aming mga pandaigdigang pangako sa pagkapribado, kasama ang aming patakaran sa mga paglilipat ng personal na impormasyon at kaugnay na mga karapatan ng indibiduwal sa pagkapribado, na mayroong layuning tiyakin na pinoprotektahan ang iyong personal na impormasyon habang pinoproseso ng alinman sa aming mga kaanib sa buong mundo. Inaprubahan ang mga BCR na ito ng Mga Awtoridad ng Europe sa Pagkapribado ng Data. Maaari kang kumonsulta sa aming mga BCR sa homepage para sa Pagkapribado.

Tinatalakay nitong Abisong sa Pagkapribado ng Johnson Controls ang mga sumusunod na paksa:

- Saklaw nitong Abiso sa Pagkapribado
- Anong personal na impormasyon ang maaari naming kolektahin
- Paano namin ginagamit ang personal na impormasyon
- Paano namin pinoprotektahan ang personal na impppormasyon na pinoproseso namin sa ngalan ng aming mga customer
- Paano namin pinamamahalaan ang pagkapribado sa aming mga website
    - Cookies, paggamit ng data at mga katulad na kagamitan
    - Mga naka-link na site
    - Mga Bata
- Mga panseguridad na pamamaraan para sa pagprotekta ng personal na impormasyon
- Pagbabahagi ng personal na impormasyon sa mga ikatlong partido
- Mga internasyonal na paglilipat ng personal na impormasyon
- Pagsusuri at pag-update sa iyong personal na impormasyon
- Pahintulot at mga pagpili para hindi sumali
- Pagpapanatili ng data
- Paano makikilala ang may pananagutang entity ng Johnson Controls
- Paano makikipag-ugnayan sa amin
- Mga Pagbabago sa aming Abiso sa Pagkapribado
- Mga lokal na suplemento para sa ilang mga bansa

Saklaw nitong Abisong sa Pagkapribado

Ipinapaliwanag nitong Abisong sa Pagkapribado kung paano namin kinokolekta at ginagamit ang personal na impormasyon ng mga indibiduwal sa iba't-ibang lugar kung saan kami nagnenegosyo.

Ang personal na impormasyon ay lahat ng impormasyon na may kaugnayan sa isang kinilala o makikilalang indibiduwal.

Nangongolekta kami ng personal na impormasyon sa iba't-ibang mga paraan sa pamamagitan ng aming mga karaniwang aktibidad sa negosyo, parehong online at offline na konteksto. Kasama dito, halimbawa, kapag umoorder ka o bumibili ng mga produkto o serbisyo, pumapasok sa mga kasunduan o nakikipag-ugnayan sa amin, o binibisita at ginagamit ang aming mga website. Nakakatanggap rin kami ng personal na impormasyon mula sa aming mga customer upang isagawa ang mga serbisyo sa kanilang ngalan.

Anong personal na impormasyon ang maaari naming kolektahin

Ang personal na impormasyon na kinokolekta namin mula sa mga indibiduwal ay maaaring may kasamang:

- **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan** na nagpapahintulot sa aming makipag-ugnayan sa iyo, gaya ng iyong pangalan, posisyon sa trabaho, edad at unlapi, username, address para sa sulat, mga numero ng telepono, email address o iba pang mga address na nagpapahintulot sa aming magpadala sa iyo ng mga mensahe, impormasyon ng kumpanya at impormasyon sa pagrerehistro na ibinigay mo sa aming website.

- **Impormasyon ng Kaugnayan** na tumutulong sa aming makipag-negosyo sa iyo, gaya ng mga uri ng mga produkto at serbisyo na maaari kang magkaroon ng interes, mga kagustuhan sa pakikipag-ugnayan at produkto, mga wika, pagiging karapat-dapat para sa credit, mga kagustuhan sa marketing at demograpikong data.

- **Impormasyon ng Transaksiyon** na tungkol sa kung paano ka nakikipag-ugnayan sa amin, kasama ang mga binili, pagtatanong, impormasyon ng account ng customer, impormasyon ng order at kontrata, mga detalye ng paghahatid, data ng pagsingil at may kaugnayan sa pananalapi, mga detalye para sa mga buwis, kasaysayan ng transaksiyon at pagsusulatan, at impormasyon tungkol sa kuung paano mo ginagamit at paano ka nakikipag-ugnayan sa aming mga website.

- **Impormasyon para sa Seguridad at Pagsunod** na tumutulong sa aming gawing ligtas ang aming mga interes, kasama ang impormasyon para sa mga pagsusuri ng salungatan, pagpigil sa panloloko at panloob na pagbeberipika, gayundin ang impormasyon na kinakailangan para sa seguridad ng aming mga lugar, gaya ng pagre-rekord ng nakikita.

Paano namin ginagamit ang personal na impormasyon

Ginagamit namin ang personal na impormasyon sa konteksto ng aming mga karaniwang aktibidad sa negosyo, kasama ang mga sumusunod na layunin:

- Pagsasakatuparan ng iyong mga order para sa mga produkto o serbisyo at mga kaugnay na aktibidad, gaya ng paghahatid ng produkto at serbisyo, serbisyo sa customer, pamamahala ng account at pagsingil, suporta at pagsasanay at upang magbigay ng iba pang mga serbisyo na may kaugnayan sa iyong binili.

- Pamamahala ng aming mga obligasyon ayon sa kontrata at ang iyong patuloy na kaugnayan sa amin, kasama ang pakikipag-ugnayan sa iyo, pagpapaalam sa iyo ng tungkol sa aming mga produkto o serbisyo, gayundin ang mga espesyal na offer at promotion.

- Pagtiyak sa seguridad ng aming mga website, network at mga sistema, at mga lugar, gayundin ang pagprotekta sa amin laban sa panloloko.

- Pamamahala ng aming mga pang-araw-araw na pangangailangan sa negosyo, gaya ng pagpoproseso ng pagbabayad at pamamahala ng pinansyal na account, pagbuo ng produkto, pamamahala ng kontrata, pangangasiwa sa website, pagsasakatuparan, pamamahala ng kumpanya, pag-audit, pag-uulat at pagsunod sa batas.

Paano namin pinoprotektahan ang pinoproseso naming personal na impormasyon sa ngalan ng aming mga customer

Sa ilang mga pangyayari, pinoproseso namin ang personal na impormasyon sa ngalan ng aming mga customer bilang isang serbisyo (sa kapasidad ng tagaproseso ng data). Kinokolekta at pinoproseso lamang namin ang personal na impormasyon na ito gaya ng inuutos ng aming customer at hindi ito gagamitin o isisiwalat para sa aming mga sariling layunin.

Pinapanatili namin ang mga pagkontrol sa seguridad ng impormasyon upang protektahan ang iyong impormasyon at isisiwalat o ililipat lamang ang personal na impormasyon gaya ng inuutos ng customer o upang magbigay ng hiniling na serbisyo. Maliban kung iuutos ng customer, itinuturing namin ang personal na impormasyon na pinoproseso namin sa ngalan ng aming mga customer alinsunod sa aming mga pangako sa pagsisiwalat at paglilipat gaya ng isinasaad sa abisong ito.

Paano namin pinamamahalaan ang pagkapribado sa aming mga website

Cookies, paggamit ng data at mga katulad na kagamitan

Kapag bumibisita ka sa aming mga website, kinokolekta namin ang ilang impormasyon sa pamamagitan ng automatikong paraan, gamit ang mga teknolohiya gaya ng cookies, pixel tag, mga tool sa pagsusuri ng browser, mga log ng server at mga web beacon. Sa karamihan ng mga kaso, ang kinokolekta naming impormasyon na gumagamit ng cookies at iba pang mga kagamitan ay ginagamit sa isang paraan na hindi makikilala, nang walang anumang pagtukoy sa personal na impormasyon.

Ang Cookies ay maliliit na mga text file na inililipat ng website sa iyong computer o hard drive ng iba pang device sa pamamagitan ng iyong web browser kapag bumibisita ka sa isang website. Maaari kaming gumamit ng “cookies” upang gawing mas mahusay ang pag-sign in at paggamit ng website at upang matugunan ang iyong mga kagustuhan sa pagba-browse at mapahusay ang paggana ng aming mga website. Maaaring gumamit ng cookies para sa pamamahala ng pagganap, pangongolekta ng impormasyon sa kung paano ginagamit ang aming website para sa mga layunin ng pagsusuri. Maaari rin gamitin ang mga ito para sa pamamahala ng paggana, na nagpapahintulot sa aming gawing mas

mahusay ang pagbisita ng user sa pamamagitan ng, halimbawa, pagtanda sa mga kagustuhan sa wika, mga password at mga detalye sa pag-log in.

Mayroong dalawang uri ng cookies: session cookies, na tinatanggal mula sa iyong device pagkatapos mong umalis sa website; at persistent cookies, na nananatili nang mas matagal sa iyong device o hanggang manu-mano mo itong tanggalin.

Maaari kaming gumamit ng Flash Cookies (kilala rin bilang Mga Lokal na Naka-imbak na Bagay) at mga katulad na teknolohiya upang gawing pansarili at pagandahin ang iyong karanasan sa online. Ang Adobe Flash Player ay isang application na nagpapahintulot sa mabilis na pagbuo ng gumagalaw na nilalaman, gaya ng mga video clip at animation. Gumagamit kami ng Flash cookies para sa mga layunin ng seguridad at upang tulungang matandaan ang mga setting at kagustuhan katulad ng browser cookies, ngunit pinamamahalaan ang mga ito sa pamamagitan ng ibang interface kaysa sa isa na ibinibigay ng iyong web browser. Para pamahalaan ang Flash cookies, mangyaring tingnan ang website ng Adobe sa http://kb2.adobe.com/cps/526/52697ee8.html o bisitahin ang www.adobe.com. Maaari kaming gumamit ng Flash cookies o mga katulad na teknolohiya para sa mga layunin ng pag-target sa pagkilos o upang maghatid ng pagpapatalastas batay sa interes.

Ang aming mga server log ay nangongolekta rin ng impormasyon tungkol sa kung paano ginagamit ng mga user ang (paggamit sa data ng mga website). Ang data na ito ay maaaring may kasamang pangalan ng domain ng user, wika, uri ng browser at operating system, nagbibigay ng serbisyo ng Internet, Internet protocol (IP) address, ang site o reference na nagtuturo sa user sa website, ang website na binisita mo bago ka pumunta sa aming website at ang website na binisita mo pagkatapos mong umalis sa aming site, at ang ginugol mong oras sa website. Maaari naming subaybayan at gamitin ang paggamit ng data upang masukat ang pagganap at aktibidad ng website, pagandahin ang disenyo ng website at paggana o para sa mga layunin ng seguridad.

Maaari rin kaming gumamit ng mga pixel tag at mga web beacon sa aming website. Ang mga ito ay maliliit na mga larawang grapiko na inilalagay sa mga web page o sa aming mga email na nagpapahintulot sa aming malaman kung gumawa ka ng isang partikular na pagkilos. Kapag ina-access mo ang mga page na ito o binubuksan o kini-click ang isang email, gumagawa ng abiso sa pagkilos na iyon ang mga pixel tag at mga web beacon. Pinahihintulutan kami ng mga kagamitan na ito na masukat ang pagtugon sa aming mga pakikipag-ugnayan at mapaganda ang aming mga web page at mga promotion.

Maaari mong baguhin ang mga setting ng iyong browser upang mag-block o abisuhan ka kapag nakatanggap ka ng isang cookie, nagtanggal ng cookies, o nag-browse ng aming website gamit ang aming walang pangalang setting ng paggamit ng browser. Mangyaring sumangguni sa iyong mga tagubilin para sa browser o screen para sa tulong upang malaman pa ang tungkol sa kung paano aayusin o babaguhin ang mga setting ng iyong browser. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming paggamit ng cookies o mga katulad na teknolohiya na nag-iimbak ng impormasyon sa iyong device, kailangan mong baguhin ang mga setting ng iyong browser nang naaalinsunod. Dapat mong maintindihan na ang ilan

sa mga feature sa aming mga website ay maaaring hindi gumana nang wasto kung hindi mo tatanggapin ang cookies o ang mga teknolohiyang ito.

Saanman hinihiling ng naaangkop na batas, hihilingin sa iyong pahintulutan ang ilang cookies at mga katulad na teknolohiya bago namin gamitin o i-install ang mga ito sa iyong computer o ibang device.

Pagbabahagi ng Data at Mga Paghiling na Huwag Subaybayan (Do Not Track) ang Browser

Dahil hindi namin (at hindi pinahihintulutan ang iba) na subaybayan ang mga bisita sa aming website, hindi namin pinoproseso ang mga signal ng Do Not Track web browser. Para malaman pa ang tungkol sa mga signal na pagsubaybay sa browser at Do Not Track mangyaring bisitahin ang http://www.allaboutdnt.org/

Mga naka-link na site

Maaari kaming magbigay ng mga link sa mga website ng ikatlong partido ("mga naka-link na site") mula sa aming mga website. Ang mga naka-link na site ay hindi namin kinakailangang suriin, kontrolin o siyasatin. Ang bawat naka-link na site ay mayroong mga sarili nitong tuntunin sa paggamit at abiso sa pagkapribado, at ang mga user ay kailangang maging pamilyar at sumunod sa lahat ng nasabing mga tuntunin kapag ginagamit ang mga naka-link na site. Wala kaming pananagutan para sa mga patakaran at kasanayan ng anumang naka-link na site, o anumang mga karagdagang link na nilalaman ng mga ito. Ang mga link na ito ay hindi nagpapahiwatig ng aming pag-eendorso ng mga naka-link na site o anumang kumpanya o serbisyo at hinihikayat namin ang mga user na basahin ang mga tuntunin at abiso ng mga naka-link na site bago gamitin ang mga ito.

Mga Bata

Ang aming mga website ay hindi nilalayon para sa mga bata at hindi namin ginagamit ang aming mga website upang sadyang humingi ng personal na impormasyon mula sa mga ito o mag-market sa mga bata. Kung malalaman namin na nagbigay ng personal na impormasyon ang isang bata sa pamamagitan ng isa sa aming mga website, aalisin namin ang impormasyon na iyon mula sa aming mga sistema.

Mga panseguridad na pamamaraan para sa pagprotekta ng personal na impormasyon

Gumagamit kami ng naaangkop na teknikal, pisikal at pang-organisasyon na mga pamamaraan na makatwirang ginawa upang protektahan ang personal na impormasyon laban sa hindi sinasadya o labag sa batas na pagkasira, pagkawala, pagbabago, walang pahintulot na pagsisiwalat o pag-access, lalo na kung saan ang personal na impormasyon ay inililipat sa pamamagitan ng isang network, at laban sa lahat ng iba pang anyo ng pagpoproseso na labag sa batas. Ang access sa personal na impormasyon ay nililimitahan sa mga awtorisadong tatanggap sa isang batayan na kailangan munang malaman. Pinapanatili namin ang isang komprehensibong programa para sa seguridad ng impormasyon na aakma sa mga panganib na kaugnay ng pagpoproseso. Patuloy na ginagamit ang programa upang pigilan ang mga panganib sa pagpapatakbo at upang matiyak ang pagprotekta sa personal na impormasyon kung saan isinasaalang-alang ang mga kasanayan na

tinatanggap sa industriya. Gagamit rin kami ng mga pinahusay na pamamaraan ng seguridad kapag pinoproseso ang anumang sensitibong personal na impormasyon.

Pagbabahagi ng personal na impormasyon sa mga ikatlong partido

Maaari kaming gumamit ng mga ikatlong partido upang magbigay o magsagawa ng mga serbisyo at tungkulin sa aming ngalan. Maaari naming pahintulutang makuha ng mga ikatlong partido na ito ang personal na impormasyon hinggil sa mga indibiduwal, gaya ng kinakailangan, upang isagawa ang mga serbisyong ito at tungkulin. Anumang pag-access sa personal na impormasyon na iyon ay lilimitahan sa layunin kung bakit ibinigay ang impormasyon.

Maaari rin naming pahintulutang makuha ng publiko o mga awtoridad sa hukuman, mga tauhan na nagpapatupad ng batas, at mga ahensiya ang personal na impormasyon hinggil sa mga indibiduwal ayon sa hinihiling ng batas, kasama ang mga ahensiya at hukuman sa Estados Unidos at iba pang mga bansa kung saan kami nagnenegosyo. Saanman pinahihintulutan ng batas, maaari rin namin isiwalat ang nasabing impormasyon sa mga ikatlong partido (kasama ang abogado) kapag kinakailangan para sa pagtatatag, paggamit o pagtatanggol laban sa mga paghahabol o dili kaya'y upang ipatupad ang aming mga karapatan, protektahan ang aming ari-arian o mga karapatan, ari-arian o kaligtasan ng iba, o kung kinakailangan upang suportahan ang panlabas na pag-audit, pagsunod at mga tungkulin sa pamamahala ng kumpanya.

Ang personal na impormasyon ay maaaring ilipat sa isang partido na kumukuha ng lahat o bahagi ng equity o asset ng Johnson Controls o ng pagpapatakbo ng negosyo nito sa kaganapan ng isang pagbebenta, pagsasanib, liquidation, pagsasara, o pagbebenta o paglilipat ng mga mahahalagang asset ng Johnson Controls o alinman sa mga pagpapatakbo nito ng negosyo. Maaari rin namin ilipat at ibahagi ang nasabing impormasyon sa aming mga kaanib sa grupo, bilang pagsunod sa naaangkop na batas.

Mga internasyonal na paglilipat ng personal na impormasyon

Ang mga ikatlong partido, sangay at mga kaanib kung kanino maaaring isiwalat ang iyong personal na impormasyon ay maaaring matagpuan sa buong mundo; kaya, maaaring ipadala ang impormasyon sa mga bansa na mayroong mga pamantayan sa pagprotekta ng pagkapribado na iba sa bansang tinitirahan mo. Sa ganitong mga kaso, nagsasagawa kami ng mga hakbang na kinakailangan upang matiyak na nakakatanggap ng sapat na antas ng proteksyon ang iyong personal na impormasyon.

Para matiyak na nakakatanggap ng sapat na antas ng proteksyon ang personal na impormasyon mula sa mga indibiduwal sa European Economic Area (“EEA”) at Switzerland kapag inililipat ito sa Johnson Controls sa Estados Unidos, pinatunayan ng Johnson Controls Inc. (at ng aming natatanging pagmamay-aring sangay sa Estados Unidos) ang pagsunod nito sa **Balangkas ng Safe Harbor** alinsunod sa isinasaad ng Kagawaran ng Komersiyo ng Estados Unidos para sa mga paglilipat ng personal na impormasyon mula sa EEA at Switzerland papunta sa Estados Unidos.

Para sa higit pang impormasyon mangyaring basahin ang Pahayag sa Pagkapribado ng Safe Harbor para sa Johnson Controls, Inc. na makikita sa homepage para sa Pagkapribado.

Pinagtibay rin namin ang isang pangkat ng Mga Patakaran ng Kumpanya na Mayroong Susunding Obligasyon (Binding Corporate Rules, mga BCR), na inaprubahan ng kaugnay na Mga Awtoridad sa Pagprotekta ng Data, na may bisa ng Enero 6, 2015. Tinitiyak ng mga BCR na pinoprotektahan ang personal na impormasyon ng mga sakop na indibiduwal sa EEA at Switzerland habang pinoproseso ito ng alinman sa aming mga kaanib sa buong mundo.

Alamin pa ang tungkol sa aming **Binding Corporate Rules** na makikita sa hompage para sa Pagkapribado.

Pagsusuri at pag-update sa iyong personal na impormasyon

Maaari mong hilingin na ma-access, itama, o i-update ang iyong personal na impormasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa aming Opisina sa Pagkapribado sa pamamagitan ng sumusunod na link: *form para sa pakikipag-ugnayan sa JCI*.

Pahintulot at mga pagpili para hindi sumali

Sa pagbibigay ng personal na impormasyon sa amin, naiintindihan mo at sumasang-ayon ka sa pangongolekta, pagpoproseso, internasyonal na paglilipat at paggamit ng nasabing impormasyon ayon sa isinasaad nitong Abisong sa Pagkapribado. Saanman hihilingin ng naaangkop na batas, hihingiin namin ang iyong tahasang pahintulot.

Maaari ka palaging tumutol sa paggamit ng iyong personal na impormasyon para sa mga layunin ng direktang marketing o bawiin ang anumang pahintulot na ibinigay dati para sa isang partikular na layunin, nang walang bayad sa pamamagitan ng pag-click sa mga kaugnay na link ng website, pagsunod sa mga tagubilin na nilalaman sa isang email o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa aming Opisina sa Pagkapribado sa pamamagitan ng sumusunod na link: *form para sa pakikipag-ugnayan sa JCI*.

Pagpapanatili ng data

Pananatilihin namin ang iyong personal na impormasyon hangga't kinakailangan upang makamit ang layunin kung bakit ito kinolekta, karaniwan para sa tagal ng anumang ugnayan sa kontrata at para sa anumang panahon pagkatapos noon ayon sa hinihiling o pinahihintulutan ng naaangkop na batas.

Paano makikilala ang may pananagutang entity ng Johnson Controls

Para makilala ang may pananagutang entity ng Johnson Controls para sa pagpoproseso ng iyong personal na impormasyon, maaari mong tanungin ang iyong contact sa Johnson Controls hinggil sa negosyo, kumonsulta sa listahan ng aming mga lokasyon sa mga pampublikong website ng Johnson Controls o makipag-ugnayan sa aming Opisina sa Pagkapribado.

Paano makikipag-ugnayan sa amin

Kung nais mong makipag-ugnayan sa aming hinggil sa mga problema sa pagkapriabdo o kung mayroon kang mga tanong, komento o reklamo, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Opisina sa Pagkapribado, sa pamamagitan ng pag-click sa sumusunod na link: *form para sa pakikipag-ugnayan sa JCI*.

Mga Pagbabago sa aming Abiso sa Pagkapribado

Mayroon kaming karapatang palitan, baguhin, at i-update itong Abisong sa Pagkapribado sa anumang oras.
Mangyaring tingnan ito paminsan-minsan upang matiyak na nabasa mo ang pinakabagong abiso. Kung maaapektuhan ng mga pagbabago ang materyal na paraan ng aming paggamit o pagsisiwalat sa dating kinolektang personal na impormasyon, aabisuhan ka namin tungkol sa pagbabago sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang abiso sa pangunahing email address na nauugnay sa iyong account.

Mga lokal na suplemento para sa ilang mga bansa

Pinahaba namin ang Abiso sa Pagkapribado kasama ang partikular na impormasyon para sa ilang mga bansa kung saan hinihiling ng naaangkop na lokal na batas. Maaari mong makita ang mga magkakatugmang abiso sa pamamagitan ng mga karagdagang lokal na link sa homepage para sa Pagkapribado.

May bisa itong pahayag sa Pagkapribado simula Enero 28, 2015